# Balitang Manmin

BILANG 56 PEBRERO 19, 2012


# “Pinapasaya Ako ng mga Ngiti ng Matatanda”

## Nagbahagi ng Pag-ibig sa Matatanda sa Manmin Welfare Center ang WCDN at ang Misyon ng mga Manggugupit ng Buhok








Sinusuri ng mga doktor ng WCDN ang lagay ng kalusugan ng mga matatanda na naninirahan sa Manmin Welfare Center. Ginugupitan sila ng mga miyembro ng Misyon ng mga Manggugupit ng Buhok na 17 taon nang taos-pusong naglilingkod.

*Ang Kapangyarihan ng Diyos*

### “Nabuhay at Ipinanganak ang Sanggol na Namatay na sa Sinapupunan!”



Sana Khan (Pakistan)

Nang bumalik ang babaing taga-Pakistan sa doktor niya, sinabi ng doktor, “Himala ito! Maraming beses ko siyang na-ultrasound. Patay at wala nang pulso ang sanggol. Hindi ko maipaliwanag kung paano siya nabuhay.”

Noong Nobyembre 6, 2011, naramdaman ng ina na hindi na gumagalaw ang sanggol sa sinapupunan niya. Nagpa-ultrasound siya. Nakita sa resulta na patay na ang sanggol at kailangang maoperahan siya kaagad. Subalit, noong Nobyembre 9, sa halip na magpaopera, dumalo siya sa Krusadang may Banal na Pagpapagaling sa Lahore, Pakistan.

Idinalangin ang mga maysakit mula sa entablado, ng tagapagsalitang si Pastor Taesik Gil na taga Daejeon Manmin Church sa South Korea, gamit ang panyo na pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Taos-pusong tinanggap ng ina ang panalangin habang nakalapat ang mga kamay niya sa kanyang tiyan. Naramdaman niya nang sabay ang init at lamig. Pagkatapos, naramdaman niyang muling gumalaw ang sanggol niya!

Kinabukasan, Nobyembre 10, nakita sa ultrasound na normal na ang tibok ng puso ng sanggol at noong Nobyembre 11, ipinanganak niya ang malusog na sanggol. Hallelujah!

Nakikinig na siya ngayon sa mga sermon ni Dr. Lee sa Isaac TV para lumago ang pananampalataya niya. (Pangulo: Pastor Anwal Pazal)

*“Ang Diyos ay nagsalitang minsan, dalawang ulit kong narinig ito: na ang kapangyarihan ay nasa Diyos” (Mga Awit 62:11).*

Noong Enero 15, bumisita ang mga doktor ng WCDN (World Christian Doctors Network, Pandaigdigang Samahan ng mga Doktor) sa Manmin Welfare Center para sa mga Matatanda sa Anseong, Gyung-gi para kumustahin at gamutin ang mga pasyenteng nakatira doon.

Sinuri ng mga doktor ang presyon ng dugo at ang blood sugar nila. Ginamot ang mga may sakit at nagbigay ng libreng konsultasyon tungkol sa pagpapaopera, mga karamdaman sa katawan at pag-iisip, panggagamot sa buong pamilya. Sinuri din nilang mabuti ang mga ‘bedridden’ o nakaratay dahil sa sakit at katandaan.

Nagpasalamat ang matatandang pasyente sa mga doktor na dumayo mula pa sa Seoul. Sinabi ni Choon-bal Lim, 79 taong gulang na lalaki, “Nagpapasalamat ako sa mga doktor na dumalaw at nag-alaga sa amin.” Nagpatotoo naman si Soon-deok Park, 61 taon gulang na babae, “Mas gumanda na ang pakiramdam ko ngayon at nagpapasalamat ako sa mga doktor. Gumaling na ang mga sakit ko dahil sa panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee.”

Sinabi ni Elder Gilbert Y. Chae, Pangulo ng WCDN, “Gusto namin sa WCDN na ibahagi sa iba ang pagpapala ng Panginoon sa pamamagitan ng regular na pagtulong sa mga napapabayaan at mahihirap kapag panahon ng bakasyon. Natutuhan naming mga miyembro ng WCDN mula sa buhay ni Dr. Lee na dapat palagi kaming nakahanda sa pagtulong sa mga taong nangangailangan. Ginagawa lang namin ang natutuhan namin sa kanya. Umaasa kami na ang serbisyong ito ay magsisilbing magandang pagkakataon para manumbalik sila sa Panginoon.”

Noong araw ding iyon, sumama sa kanila ang mga miyembro ng Misyon ng mga Manggugupit ng Buhok. Maingat nilang ginupitan ang mga matatanda, at gumanda at sumaya ang mga ito. Masayang sinabi ng 81 taong gulang na si Ahn Jang, “Isang taon na ako dito, pero hindi pa ako nakakapagpakulot dahil nahihirapan akong kumilos. Mabuti na lang at dumating ang mga miyembro ng Manmin, at kinulot ang buhok ko.”

Masaya din ang mga miyembro sa paglilingkod sa kanila. Sinabi ng 44 taong gulang na si Diakonesa Mal-Lae Lee, “Masaya ako kapag pumupunta ako dito para maglingkod sa kanila. Nagagawa ko nang mas mabuti ang tungkulin ko sa buhay.” Tumutulong na siya sa Manmin Welfare Center sa paggugupit ng buhok magmula nang buksan ito 17 taon na ang nakararaan.

Nagbigay ng mensahe para sa mga nagboluntaryo si Elder Byung-yong Han, pangulo ng Manmin Welfare Center, “Umaapaw sa biyaya at galak dito dahil sa pagdalaw ninyo sa simula pa lang ng Bagong Taon. Napakabuti at napakahalaga ninyo. Inaliw at pinalakas ng mga doktor ng WCDN at ng mga manggugupit ang mga matatanda.”

Bilang isang organisasyon ng mga Cristianong doktor na nagmula sa iba-ibang denominasyon, pinag-aaralan nila ang mga banal na pagpapagaling na nagaganap sa buong mundo. Pinatunayan nila na nagpapagaling ang Diyos ng mga karamdamang hindi na magamot ng medisina at totoo ang nakasulat sa Biblia batay sa mga impormasyon na may kinalaman sa medisina. Sa gawaing ito, namulat ang mga edukadong tao tungkol dito.

# Bagong Alak sa Bagong Sisidlang Balat

"Walang pumipiraso sa bagong damit upang itagpi sa luma. Kapag ginawa ito, masisira ang bagong damit at ang tagping bago ay hindi babagay sa damit na luma. Wala ring nagsisilid ng bagong alak sa lumang sisidlang balat. Kapag gayon ang ginawa, papuputukin ng bagong alak ang balat, matatapon ang alak, at masisira ang sisidlan. Sa bagong sisidlang-balat dapat ilagay ang bagong alak. At walang makakagustong uminom ng bagong alak kapag nakainom na ng inimbak, sapagkat sasabihin niya, 'Masarap ang inimbak'" (Lucas 5:36-39, MBB).

Madalas gamitin ng mga mananampalataya at hindi mananampalataya ang kasabihang ito, "Bagong alak sa bagong sisidlang balat," subalit kakaunti ang nakakaunawa ng espirituwal na kahulugan nito. Dahil nanunuyo at matigas na ang lumang balat, maaari itong sumabog kapag nilagyan ng bagong alak. May maasim na singaw kasi ito at naglalabas ng carbon dioxide ang bagong alak. Makakaya naman ng bagong balat ang tindi ng gas na inilalabas ng bagong alak dahil malambot pa ito at matibay.

Kadalasan, iniisip ng mga tao na ang kahulugan ng 'bagong alak sa bagong sisidlang balat' ay ang paghahanap o paghahangad ng mga bagong bagay. Subalit mayroon itong mas malalim na espirituwal na mensahe tungkol kay Jesu-Cristo, sa buhay natin at sa paraan kung paano maliligtas at makakarating sa mas mabuting tirahan sa Langit. Ano ang mga espirituwal na kahulugan ng kasabihang ito?

### 1. Ang mga Espirituwal na Kahulugan ng 'Bagong Alak' at 'Alak na Inimbak'

Nakasulat sa Juan 15:1 na ang ating Panginoong Jesus ang 'tunay na puno ng ubas'. At ang 'bunga ng puno ng ubas' ay ang mga bunga sa buhay Niya dito sa mundo. Pinatotohanan Niya na may buhay na Diyos sa pamamagitan ng mga himala at kababalaghan, nangaral Siya ng ebanghelyo ng Langit, at nagligtas ng hindi mabilang na mga kaluluwa. Lahat ng mga ginawa Niya ay bunga ng puno. Ang alak na binabanggit dito ay ang katas na nakukuha sa ubas. Sa espirituwal na diwa, tinutukoy nito ang mahalagang dugo ni Jesus.

Namunga ng masagana si Jesus dito sa mundo at sa bandang huli ay dumanak ang mahalagang dugo Niya sa krus. Dahil dito, nabuksan ang daan patungo sa kaligtasan. Tinupad Niya ang batas sa Lumang Tipan nang buong pagmamahal na ialay Niya ang buhay Niya para sa mga makasalanang patungo sa kamatayan. Ang Bagong Tipan ang katuparan ng Batas. Kaya tinatawag nating 'bagong alak' ang Bagong Tipan.

Ano ngayon ang 'inimbak na alak'? Ito ang pamumuhay sa ilalim ng batas ng Lumang Tipan. Nakatuon sa Batas ang mga isipan ng mga tao noong panahon ng Lumang Tipan bago natupad ni Jesus ang Batas na ito dahil sa pag-ibig. Mababasa sa Sa mga Hebreo 10:1, "Yamang ang kautusan ay anino lamang ng mabubuting bagay na darating, at hindi ang tunay na larawan ng mga bagay na ito, kailanman ay hindi nito mapapasakdal ang mga lumalapit sa pamamagitan ng gayunding mga alay na laging inihahandog taun-taon."

Pumapatay ng hayop ang mga tao sa Lumang Tipan at iniaalay ang dugo nito bilang handog o kabayaran sa mga kasalanan nila para mapatawad sila. Dahil sinasabi sa Levitico 17:11, "Sapagkat ang buhay ng laman ay nasa dugo, at Aking ibinigay sa inyo sa ibabaw ng dambana upang ipantubos sa inyong mga kaluluwa, sapagkat ang dugo'y siyang tumutubos dahil sa buhay."

Ang pag-aalay ng dugo ng hayop na nakatuon sa pagsunod sa batas ay ang 'pag-inom ng alak na inimbak' para maligtas. Gayon pa man, ang mga tao sa panahon ng Bagong Tipan ay maaaring mapatawad at maligtas kapag maniniwala sa kapangyarihan ng dugo na dumanak mula kay Jesus sa krus. Sa madaling salita, maaari tayong maligtas sa pamamagitan ng 'pag-inom ng bagong alak'.

### 2.'Bagong Alak', ang Batas na Tinupad Dahil sa Pag-ibig

Siyasatin natin ang kaibahan ng alak na inimbak sa Lumang Tipan at bagong alak sa Bagong Tipan.

Sinabi ni Jesus sa Mateo 19 na hindi dapat maghiwalay



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

ang mag-asawa dahil iisang laman na sila at hindi dalawa. Sinabi pa Niya, "Ang pinagsama nga ng Diyos, ay huwag papaghiwalayin ng tao." Pagkasabi Niya nito, kinontra Siya ng mga Fariseo at sinabing nasa Batas na pinapayagan ng Diyos na humiwalay ang lalaki sa asawa niya.

Subalit sumagot si Jesus, "Pinahintulutan kayo ni Moises na hiwalayan ang mga asawa ninyong babae dahil matigas ang puso ninyo. Subalit hindi ganito noong pasimula." Tapat na pagmamahalan, at masaya at hindi nagmamaliw na pamumuhay ang kalooban ng Diyos sa mag-asawa. Ayaw Niyang maghiwalay sila. Subalit gumawa ang Diyos ng patakaran sa batas tungkol sa paghihiwalay dahil batid Niya ang kasamaan ng tao.

Halimbawa, natuklasan ng asawang lalaki na nagkaroon ng ugnayan ang asawa niya sa ibang lalaki. Nagdusa siya dahil hindi niya kayang patawarin ang asawa niya. Sa ganitong situwasyon, magiging parehong miserable ang mga buhay nila. Kaya sinasabi sa batas ni Moises na maaari silang maghiwalay. Samakatwid, ang 'alak na inimbak' ay tumutukoy sa pamumuhay na nakabatay sa batas at hindi sa pag-ibig na orihinal na kalooban ng Diyos.

Kung nagawang magpatawad ng asawang lalaki at tinanggap ang babae dahil sa pag-ibig, parang uminom siya ng 'bagong alak'. Ito ang paraan para tularan ang Panginoon, tinupad Niya ang Batas dahil sa pag-ibig.

### 3. Ang mga may gusto ng 'Alak na Inimbak'

Mababasa sa Lucas 5:39, "At walang magkakagustong uminom ng bagong alak kapag nakainom na ng inimbak, sapagkat sasabihin niya, 'Masarap ang inimbak.'" Ano ang kahulugan nito? Tulad ng pagpapahalaga ng ilang makamundong tao sa alak na inimbak sa loob ng daan-daang taon, may mga may gusto pa rin sa batas ng Lumang Tipan kaysa sa bagong batas ng Bagong Tipan.

Ganito ang mga pari at mga Fariseo noong panahon ni Jesus. Alam na alam nila ang mga batas ng Lumang Tipan at gumawa sila ng maraming tuntunin na naging Tradisyon ng Matatanda. Halimbawa, ibinigay kay Moises ang kautusan tungkol sa araw ng Sabbath, pero gumawa pa sila ng mga utos na naging mga tuntunin sa pagsunod sa araw ng Sabbath. Ipinagbawal nila ang magluto, magbiyahe ng malayo, magbuhat ng mabigat, at marami pang iba.

Binuo nila ang mga Tradisyon ng Matatanda at sinabi na ang pagsunod sa mga ito ay pagpapahalaga sa Sabbath, at binalewala na ang kalooban ng Diyos na nakapaloob sa Batas. Tinanggihan nila si Jesus dahil ang bagong batas na ipinapangaral Niya ay hindi akma sa kabuuan o buod ng lumang batas. Tinanggihan nila si Jesus at ang mga bago Niyang turo dahil nakatali sila sa lumang batas katulad ng mga taong nagsasabing ayaw nila ng bagong alak dahil mas masarap ang alak na inimbak sa lumang sisidlang balat.

Kahit gaano pa sila maghandog, mag-ikapu, at manalangin na may pag-aayuno ayon sa batas ng Lumang Tipan, tatalikuran sila ng Diyos kung patuloy pa rin silang magkakasala at hindi lilinisin ang mga puso nila (Mateo 23:23). Nais ng Diyos na mamuhay kayo ng tama hindi lang sa panlabas kundi magkaroon din kayo ng banal at maka-Diyos na pamumuhay. Sa madaling salita, gusto Niyang magbago kayo at gawing tulad ng bagong sisidlang balat ang mga puso ninyo – kayang maglaman ng bagong alak.

### 4. Lumang Sisidlang Balat sa Bagong Sisidlang Balat

Mababasa sa Efeso 4:22-24, "...alisin ninyo ang dating paraan ng inyong pamumuhay, ang dating pagkatao na pinasama sa pamamagitan ng mapandayang pagnanasa, at magbago sa espiritu ng inyong pag-iisip, at kayo'y magbihis ng bagong pagkatao, na nilalang ayon sa wangis ng Diyos, sa katuwiran at kabanalan ng katotohanan."

Kung gumagawa pa rin kayo ng mga makamundong bagay, nanghuhusga at nanghahatol, at may galit sa ibang tao, ang puso ninyo ay katulad ng lumang sisidlang balat. Dapat nating iwaksi ang mga walang kabuluhang bagay sa harapan ng Diyos. Tanggalin natin ang ugaling ang tingin sa sarili ay mas malinis kaysa sa kapwa, ang kasakiman, at ang hindi tamang karunungan, at bumalik tayo sa katotohanan. Sa gayon, maaari na nating gawing bagong sisidlang balat ang mga puso natin.

Maraming taong nagsasabing may pananampalataya sila sa Diyos, subalit gusto nila ng 'alak na inimbak'. Ayaw nilang baguhin ang mga puso nila at gawing bagong sisidlang balat. Ayaw nilang ipamuhay ang Salita ng Diyos dahil sa maka-laman na saloobin nila, sa mga kaalaman nilang ibinatay sa pangangatuwirang may kinikilingan o hindi patas, at sa pansariling mga pagnanasa. Parang mga Fariseo sila na tumanggi kay Jesus at sa bandang huli ay naging katulad ng mga lumang sisidlang balat.

Kung lalagyan ng bagong alak ang lumang sisidlang balat, sasabog ito at tatapon ang alak. Ganito rin ang mangyayari kapag umaayon ang mga tao sa lumang saloobin at dating gawi at walang pagnanais na magbago, hindi nila magagawang ipamuhay ang kalooban ng Diyos kaya patungo sila sa pagkawasak.

Dahil naligtas na tayo at naging mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng pagtitiwala kay Jesu-Cristo, dapat nating iwaksi agad ang lahat ng kasalanan at kasamaan at ilagay ang bagong alak sa mga bagong sisidlang balat. Sa madaling salita, magiging mga tunay na anak tayo ng Diyos kapag gagawin nating puspos ng katotohanan at kabutihan ang puso natin at susundin ang Salita ng Panginoon, na tumupad ng batas dahil sa pag-ibig.

Nakasulat sa 2 Mga Taga-Corinto 5:17, "Kaya't kung ang sinuman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang; ang mga lumang bagay ay lumipas na, tingnan ninyo, ang lahat ay naging bago." Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na nawa'y pagsikapan ninyong baguhin ang puso ninyo sa pamamagitan ng Salita ng Diyos at ng pananalangin at kayo ay maging mga banal at tunay na mga anak ng Diyos.

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

Magmula pa noong magsimula ang Manmin Central Church, pinag-ukulan na nito ang paghahandog ng pinakamahusay na papuri sa Diyos. Ang Komite ng Pagtatanghal ang namamahala sa tungkuling ito. Ito ay may tatlumpung grupo ng mga artista, limang choir, ang Nissi Orchestra, at labingwalong soloista.

Ipinapahayag nila ang pagpapala ng Diyos sa pamamagitan ng kanilang mga papuring awit, sayaw, pagsamba, pagtugtog ng mga instrumento, at sa tradisyunal na tugtugin ng Korea sa mga pagtitipon sa loob at labas ng Korea. Binabagbag din nila ang puso ng maraming mga kaluluwa sa pamamagitan ng GCN TV (Global Christian Network). Kasama sa mga grupong ito ang Power Worship Dance Team. Dahil sa sari-saring sayaw nila sa pagsamba na nagluluwalhati sa Diyos, napamahal na sila sa mga miyembro ng iglesya.



Pagtatanghal sa Ika-29 Anibersaryo ng Iglesya



2003 Krusada ng Pagkakaisa sa Russia


2009 Krusada ng Pagkakaisa sa Israel


2010 Pista ng Mahimalang Pagpapagaling sa Estonia


Espesyal na Pagtatanghal sa Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes

# *Kapangyarihan ng Diyos!*

## Pinupuri Namin ang Kapangyarihan ng Diyos!



### 14 taon na simula nang mabuo ang grupo

Noong 1999, ang grupo ay may anim na miyembro na nagsayaw para sa Transfiguration Mount Tuesday Worship Service (Pagsamba sa Araw ng Martes sa Bundok ng Pagbabagong-anyo). Para ito sa limang misyon: Misyon sa Kabataan, Misyon sa Kolehiyo, Misyon sa Canaan, Misyon ni Pablo, at Misyon ni Maria. Noong 2001, ang grupong nagsasayaw sa gawaing ito ay napabilang sa Komite ng Pagtatanghal at pagkatapos magdagdag ng tatlo pang miyembro, tinawag na silang 'Power Worship Dance Team' (Grupo ng mga Mananayaw para sa Makapangyarihang Pagsamba).

Sumasali sila sa iba't ibang okasyon at ang grupo ay mayroon na ngayong labing-apat na miyembro. Niluluwalhati ng grupo ang Diyos sa pagsamba sa pamamagitan ng mga kamangha-manghang sayaw na nagsimula noong 2003 sa Krusada ng Pagkakaisa sa Russia at nagpapatuloy sa mga krusada ni Dr. Jaerock Lee sa Germany, Peru, Estados Unidos, at Israel.

### "Isang Pamilya Kami sa Panginoon"

Nag-eensayong mabuti ang mga miyembro mula ika-9:30 ng umaga hanggang ika-6:00 ng gabi araw-araw. Nagsasanay sila at naghahanda para sa mga pagtatanghal sa mga pagsamba at mga espesyal na gawain. Gayon pa man, gusto nilang mas maging magaling pa. Kaya madalas silang nag-eensayo buong gabi at hanggang Sabado o kapag bakasyon.

Sa gitna ng lahat ng ito, naglalaan sila ng oras at pagsisikap para makabuo at makagawa ng mga bagong estilo at paraan sa pagsasayaw. Nagbabahaginan sila ng mga ideya at sinisikap na magpakita ng pinakamusay na pagtatanghal. Ang maganda sa grupo nila ay walang naglilihim sa isa't isa. Kahit na tungkol sa personal na buhay ay ibinabahagi nila katulad ng mga miyembro noon ng unang iglesya – may pag-ibig.

### Tiwala sa serbisyo at pag-ibig

Ang oras ng ensayo nila ay isang magandang pagkakataon para isabuhay ang pag-ibig na natutuhan nila. Kung may isang miyembrong nahuhuli o napag-iiwanan, mas maagang pupunta sa iglesya ang iba para matulungan at palakasin ang loob niya. Kusang-loob nilang ginagawa ito. Habang gumagaling ang miyembro sa pagsasayaw, nagkakaroon siya ng lakas ng loob na gampanan ang tungkulin niya sa grupo.

Kung minsan nadadapa sila o nagkakabungguan habang sumasayaw pero tumatayo sila kaagad kahit nasaktan sila, dahil ayaw nilang mag-alala ang ka-grupo. Palagi silang nagmamahal at nagtitiwala sa isa't isa, kaya pakiramdam nila ay nasa Langit na sila.

Karamihan sa mga miyembro ay hindi na bata nang magsimulang magsayaw kaya kailangan nilang magtiyaga sa pag-aaral ng modernong sayaw, jazz, ballet, rhythmic gymnastics, at acrobatic. Kaya inisip na lang nila, "Basta nakakapagbigay kami ng pagpapala sa mga miyembro ng iglesya sa kakaunting pagpapakasakit..." Inaaliw at pinapalakas nila ang isa't isa sa pagsasabing: "Marami pa tayong puwedeng gawin." Dahil sa ganitong pundasyon ng pag-ibig, gumaling sa pagsasayaw ang mga bagong miyembro.

### Umaapaw ang mga Patotoo sa Buhay Nila

Nakikita si Cristo sa buhay ng mga miyembro ng mga taong nasa paligid nila. Sinusuportahan nila ang mga pamilya at mga kamag-anak nila. Kaya nagkaroon ang mga ito ng kapayapaan, biyayang pinansyal at maraming patotoo ng paggaling.

Gumaling ang bali sa balakang ni Diakonesa Jin-ah Kim, ang lider ng grupo; nawala ang pananakit dahil sa pamamaga sa pagitan ng balikat at tadyang ng kapatid na So-ra Chung; gumaling din ang kuko sa hinlalaki ni Diakonesa Ji-yung Cho, ang sakit sa tuhod ni Diakonesa Myung-hee Hyun, ang sakit sa likod ng kapatid na Yeon-kyung Kim; ang pagdudugo ng ilong at pananakit ng katawan kapag may "buwanang dalaw" (regla) ni kapatid na Kong-joo. Himalang nawala ang 1.5 litrong tubig sa baga ng kapatid na Ah-gang Kwon.

### Ang Layunin na Maging Pinakamahusay na Grupo sa Buong Mundo

Noong 2003, nagkaroon sila ng pangitain (vision) para sa pandaigdigang misyon habang nagtatanghal sa Krusada ng Pagkakaisa sa Russia na pinangunahan ni Dr. Lee. Napagtanto nila ang kahalagahan ng pagpupuring puspos ng Banal na Espiritu sa isang ministeryong Cristiano. Gayundin ang malamang napapanood sa buong mundo ang mga pagtatanghal nila sa pamamagitan ng maraming istasyon ng pagsasahimpapawid.

Para mas maging mahusay pa kaysa sa ibang pagtatanghal na may kinalaman sa kultura at sining, nagsasanay silang mabuti. Pinaghahandaan nila ang pagdating ng araw na matutupad nila ang pandaigdigang misyon kasama ng pastol.

Base sa galing sa pagsasayaw, pagtuturo ng mga iba't ibang galaw at estilo, at husay sa pagtatanghal, naghahanda rin sila para sa pagtuturo sa mga bago nilang miyembro. Masigasig sila ngayon sa pagsasanay para maging pinakamahusay na grupo sa buong mundo. Umaasa kaming sa pamamagitan nila ay mapapalaganap sa buong mundo ang espirituwal na papuri at pagsasayaw.



# “Magsasayaw Kami ng Panginoon sa Langit na Maganda”

**Diakonesa Eun-ok Park**

Habang sumasayaw ako ng balse, ang artipisyal na kaliwang binti ko ay naging magandang binti. Malambot ang katawan ko sa pagsasayaw sa makapigil-hiningang pistang ito. Napakalinaw at kamangha-manghang panaginip kong ito. Nangyari ito habang nagdadaos ang iglesya namin ng magkasunod na Sesyon ng Espesyal na Pulong Panalanging Daniel noong nakaraang taon.

Noong huling araw ng espesyal na pulong panalangin pagkatapos naming muling maghandog ng dalawampu’t isang araw ng pananalangin, idinaos ang bigayan ng gantimpala. Binasa ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang pangalan ng nabunot niya na siyang nagkamit ng pinakaunang premyo, “1-1-2 Parish, nasa ika-9 na baitang, Ga-yeong Ryu!” Pangalan iyon ng anak kong babae. Lumapit siya sa altar habang umiiyak, masaya naman akong sumunod sa kanya. Tumanggap kami ng napakalaking premyo at nagpalitrato pa kasama ng aming Punong Pastor Jaerock Lee. Makabagbag damdamin ang sandaling iyon dahil sa pag-ibig ng Diyos na hindi nakakalimot at palaging umaaliw sa amin.

### Sa edad na 29, pinutulan ako ng binti dahil sa naging kasalanan kong pagsamba sa mga diyus-diyosan

Sumamba ang pamilya ko sa mga diyus-diyosan mula sa mga ninuno namin hanggang sa inapo. Ang lola ko sa tuhod at ang nanay ko ay shaman o salamangkera. Dahil dito, palaging nagkakaroon ang pamilya ko ng mga karamdaman, mga sakuna, at mga problema, at ako naman ay madalas magkumbulsiyon. Naglasing ako dahil sa malalang depresyon mula pa noong nasa ika-11 baitang ako. Hindi ako makapamuhay ng normal. Hinayaan ko pa ang isang shaman para magsagawa ng ritwal na tumatawag ng espiritu at pinapapasok ito sa katawan ko. Subalit bigla kong inayawan ang pagpapagamit sa katawan ko sa mga espiritu kaya inihinto ko. Pagkatapos, nagsimula akong tumulong sa mga shaman.

Samantala, noong 1986, nagsimulang sumakit ang kaliwang binti ko. Nagpatingin ako sa ospital at nasuring mayroon akong malaking tumor. Habang tumatagal, lumalaki ang kaliwang tuhod ko, at naging napakasakit nito. Hanggang sa putulin na ang kaliwang binti ko. Sa edad na 29, nagkaroon ako ng kapansanan – may artipisyal na binti.

Pagkalipas ng dalawang taon, may lalaking ipinakilala sa akin at nagkaroon kami ng relasyon. Pagkatapos ng limang taon, nagpakasal kami kahit tutol ang pamilya namin. Naging lasenggo siya pagkapanganak ko kay Ga-yeong. Malupit din siya sa akin.

### Nakilala ko ang buhay na Diyos, muling sumaya, subalit.

Noong 1996, hindi ko na matiis ang ugali niya kaya nilayasan ko na siya. Nagpunta kaming dalawa ng anak ko sa bahay ng nanay ko sa Garibong-dong, Guro. Isang araw, habang nakatayo ako sa harapan ng bahay namin at pasan ko si Ga-yeong, may nagtanong sa akin, “Nabalitaan mo na ba ang tungkol sa Manmin Central Church?” Siya si Pastor Myung-sool Kim, ang pastor sa lugar na tinitirahan ko noong panahong iyon.

Dumalo ako sa iglesya ng Manmin at naging mainit ang pagtanggap sa akin ng mga miyembro. Tumulong at sumuporta sa akin ang mga miyembro ng grupo ko sa kanilang pagmamahal at sa pinansyal din. Kapag nasa bahay ako, inaantok ako at nag-iisip ng mga negatibong bagay. Subalit mabuti ang pakiramdam ko kapag nasa simbahan. Masayang-masaya ang buhay Cristiano ko, hindi ako inaalipusta dahil sa kapansanan ko, at malaya ako sa asawa ko.

Ang pag-asa para sa Langit ay umaapaw sa akin habang nakikinig ako sa sermon ng Punong Pastor Dr. Lee. Hindi ko maiwasang hindi maawa sa asawa ko habang dumadalo ako sa iglesya. Binisita ko siya at ibinahagi ko ang ebanghelyo sa kanya. Noong Pebrero 1998, nagparehistro siya sa iglesya.

### Nang mamatay ang asawa ko, marami akong naging karamdaman

Pagkatapos nito, pansamantalang naging masaya ang pamilya ko. Subalit nasuring may kanser sa atay ang asawa ko noong 2000 at namatay siya pagkalipas ng isang taon. Nagkaroon ulit ako ng matinding depresyon. Naging alipin ako ng takot, araw at gabi. Nakakarinig ako ng mga boses na nagsasabing, “Mamamatay ka! May sakit kang nakakamatay!” Hindi ako matulog. Nasuring may depresyon ako na hindi gumagaling. Sinabi sa akin ng doktor na masyado nang pagod ang isipan ko, malala na ang stress ko. Naging bahagi na ng buhay ko ang pag-inom ng gamot para sa depresyon.

Noong Nobyembre 2004, nagpasuri ulit ako sa tulong ng Disabled Welfare Center. Marami pang ibang sakit ang nakita tulad ng tuberculosis at leucopenia (kulang sa dugong panlaban sa impeksyon). Napagtanto ko na ang lahat ng ito ay nagmula sa makamundo kong pamumuhay bago ako nagtiwala sa Diyos. Tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga may sakit at may pananalig na nakipagkamay ako sa kanya. Pagkatapos noon, gumaling ako at nang muling nagpasuri noong 2005, naging normal na ang lahat.

### Pinagaling ng Salita ng Diyos at panalangin ang depresyon ko

Subalit, ang depresyon ko ay hindi gumaling. Naisip ko, dahil sumamba ang angkan namin sa mga diyus-diyosan, hindi ko makayang gibain ang makapal na pader ng kasalanan sa pagitan ko at ng Diyos. Pinagsisihan ko ito, at ang mga sama ng loob ko, ang pagiging magagalitin, panghuhusga at paghatol sa iba at nagsikap akong mamuhay ayon sa katotohanan. Gustong-gusto kong mahiga na lang dahil sa pananamlay, pero sinikap kong maglingkod sa kaharian ng Diyos. Kahit may kapansanan, naglinis ako sa santuwaryo at nilabhan ko pa ang mga kurtina. Nagsikap akong maging mabuti sa harapan ng Diyos sa boluntaryong paglilingkod para sa kaharian Niya.

Noong 2010, sinabihan kami ng Punong Pastor Dr. Lee na makinig ng sampung beses sa serye ng sermon niya na may pamagat na “The Seed of Life” (Ang Binhi ng Buhay). Dagdag pa niya, magdadala sa amin ito ng kamangha-manghang biyaya. Sinunod ko ang sinabi niya. Noong unang beses kong pinakinggan ito, naging maayos ang pakiramdam ko at naging maayos ang panunaw ko. Nakaranas din ako ng kakaibang bagay – parang ‘nakakaamoy ako ng sariwang bagay’. Magmula noon, nakakatulog na ako kahit hindi umiinom ng gamot. Ang matinding takot, pananamlay, at negatibong saloobin ay nawala lahat. Gumaling ang depresyon ko. Hallelujah!

### Binago ng pag-ibig ng pastol ang anak ko nang magdalaga siya

Isa pang dahilan kung bakit dapat akong magpasalamat ay ang anak kong babae. Malaki ang ipinagbago niya. Noong nasa ika-7 baitang siya, madalas siyang mainis kaya hindi maayos ang buhay Cristiano niya. Subalit, nagsimula siyang magbago nang makita niya sa panaginip si Dr. Jaerock Lee noong nasa ika-9 na baitang siya. Sa panaginip niya, ngumiti at ipinanalangin siya ni Dr. Lee. Naging mabilis ang pagbabago niya dahil sa maliliit na krusada na pinangungunahan ni Dr. Lee pagkatapos ng Pagsamba Tuwing Linggo ng Gabi. Nakangiting sinabi ni Ga-yeong, “Ipinaramdam sa akin ni Dr. Lee ang pagmamahal ng isang ama”.

Dahil sa masayang buhay Cristiano namin, nakakapag-usap na kami tungkol sa mga espirituwal na bagay. Pinasasalamatan at niluluwalhati ko ang Diyos Ama at ang Punong Pastor Dr. Lee na nag-alaga sa amin kalakip ang pag-ibig ng Panginoon.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714